ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 14

NAG-AATAS SA PAGPAPALIBAN NG "GRADUATION RITES" AT "MOVING UP CEREMONIES" SA LAHAT NG PAMPUBLIKONG PAARALAN SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, nagdeklara ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ng *"State of Public Health Emergency throughout the Philippines"* sa pamamagitan ng *Proclamation No. 922* noong Marso 8, 2020;

SAPAGKAT, kinumpirma ng Kagawaran ng Kalusugan ang pagkakaroon ng *local transmission* ng *COVID-19* sa Pilipinas;

SAPAGKAT, may pangangailangan na paigtingin ang mga pagsisikap sa pagtugon at pamamahala sa pag-iwas sa pagkalat ng *COVID-19* sa ating bayan;

SAPAGKAT, nag-isyu ang Kagawaran ng Edukasyon ng *DepEd Memorandum No. 042* noong Marso 15, 2020 na may pamagat na *"Guidelines for the Remainder of School Year 2019-2020 in light of Covid-19 Measures";*

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay **NAG-AATAS** sa **PAGPAPALIBAN NG LAHAT NG "GRADUATION RITES" AT "MOVING UP CEREMONIES" SA LAHAT NG PAMPUBLIKONG PAARALAN** hanggang sa susunod na abisong ilalabas ng mga ahensya ng pamahalaan dahil sa banta ng *coronavirus disease 2019 (Covid-19).*

DAHIL DITO, ang mga pinuno ng **LAHAT NG PRIBADONG PAARALAN** sa Bayan ng Marilao ay lubos na hinihikayat para sa implementasyon ng mga patnubay na nabanggit sa Atas Tagapagpaganap na ito.

Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**17** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan